AKLATANG-MUSIKA ONLAYN
# NEWSLETTER
Isyu Blg. 01-2024 Enero-Hunyo 2024



## Pagdiriwang sa Kolehiyo para sa Bagong Dekano MA. PATRICIA BRILLANTES-SILVESTRE

by Sheree Ann V. Laguatan & Josephine Cecilia L. Baradas

Nasa larawan ang ilan sa mga Administratibong Kawani at REPS ng Kolehiyo ng Musika na dumalo sa natapos na pagdiriwang sa pagtatalaga ng Dekana Silvestre. Bukod sa mga kaguruan, sila ang magiging katuwang ng dekano sa pagpapatupad ng kaniyang mga adhikain sa kolehiyo.

Kaugnay nito, sa pagdiriwang at panunumpa ng ika-labinlimang Dekano ng Kolehiyo ng Musika noong 18 Marso 2024, si Dr. Ramon P. Santos, Pambansang Alagad para sa Musika ay naghandog ng kanyang komposisyon na pinamagatang "BA-DIW" para kay Dr. Ma. Patricia Brillantes-Silvestre. Kasamang umawit ay sina Prop. Anna Patricia R. Carranza (Pinuno ng Departamento ng Edukasyong Pangmusika), Grace Ann F. Buenaventura (Pinuno ng Aklatan ng U.P. Sentro ng Etnomusikolohiya), Elyrose M. Saban, (Kawani, Opisinang Administratibo ng U.P. Kolehiyo ng Musika) Shirley D. Sison (Kawani, Opisina ng Gradwadong Programa ng U.P. Kolehiyo ng Musika), at Sheree Ann V. Laguatan (Pinuno ng Aklatan ng U.P. Kolehiyo ng Musika.



### BA-DIW para kay PS

*Ramon P. Santos*

Tayo na at magsaya,
Sa araw ng ligaya.
Sa pagkakatalaga,
Bilang isang dekana.

Sa ating kolehiyo
Koleh'yo ng musika.

› pahina 2

*BA-DIW para kay PS*

Ang isang matalino,
At siya'y maganda pa,

Mabait at marunong,
Ang ngalan niyaý Patricia.

Sanaý ating tulungan,
Na kanyang magampanan

Kanyang mga tungkulin,
Sa bawa't isa sa 'tin.

At ating ipagdasal,
Na kanyang matupad.

Ang kanyang katungkulan,
Sa ating Inang Bayan.

At sa ating musika,
Sa ating kaluluwa.

Kaya't ating 'pagbunyi,
Itong araw na tangi.

Mabuhay tayong tanan
Magdiwang taong bayan.


# Seleksiyon at Akwisisyon

Mapalad ang aklatan sa pagkakaroon ng mga makabuluhang literatura sa musika kagaya ng mga sumusunod: Monika E. Schoop (2017) "Independent Music and Digital Technology in the Philippines;" Aine Mangaoang (2019) "Dangerous Mediations: Pop Music in a Philippine Prison Video;" David Cashman and Waldo Garrido (2020) "Performing Popular Music: The Art of Creating Memorable and Successful Performances;" Ramsay Burt and Michael Huxley (2020) "Dance, Modernism, and Modernity;" Aaron Williamon, et al. (2021) "Performing Music Research: Methods in Music Education, Psychology, and Performance Science;" Erin Brannigan (2022) "Choreography, Visual Art and Experimental Composition 1950s-1970s;" Brian C. Wesolowski (2022) "From Data to Decisions in Music Education Research: Data Analytics and the General Linear Model Using R."





# Publikasyon ng mga Fakulti

Isang kagalakan ang makatanggap ng mga aklat mula sa kaguruan ng Kolehiyo ng Musika. Ang mga ito ay pinamagatang "Maceda, Spahlinger and the Dialectics of a "New Music" Praxis in Southeast Asian Modernity" ni Jonas U. Baes (2022); "Musika ng Pananakop: Panahon ng Hapon sa Filipinas, 1942-1945" ni Raul C. Navarro (2021); "Philippine Modernities: Music, Performing Arts, and Language, 1880-1941" ni Jose S. Buenconsejo (2017); "Saysay Himig: A Sourcebook on Philippine Music History 1880-1941" ni Arwin Q. Tan (2018); at, "Tunogtugan: Twenty Essays on Musical and Sonic Traditions" ni Ramon P. Santos (2023).
















# Mga Karagdagang Donasyon sa Aklatan

Maraming salamat sa mga natanggap noong taong 2023 na mga nakalimbag na aklat, *music scores*, *journals*, *sound recordings* mula sa fakulti ng unibersidad, mga alumni, at mga indibidwal mula sa ibang bansa.

| Donor | Classification |
|---|---|
| | Filipiniana Books |
| U.S. Library of Congress c/o Annie Lim | 1 |
| Rey E. De la Cruz | 1 |
| Sandie O. Gillis | 1 |
| | Filipiniana Jounals |
| Jonas U. Baes | 4 |
| | Filipiniana Scores |
| Rica L. Nepomuceno | 1 |
| Ma. Alexandra I. Chua | 1 |
| Buenvenido B. Constantino | 1 |
| Rafael C. Rubio | 1 |
| | Filipiniana Compact Discs |
| Lester Demetillo | 1 |
| Jocelyn T. Guadalupe | 2 |
| | Filipiniana DVD |
| Jocelyn T. Guadalupe | 1 |
| | Foreign Books |
| Je-el Constantino | 14 |
| Andre Lorenz Feria | 3 (Korean) |
| David Kendall | 1 |
| Nikos Mante | 14 |
| U.S. Library of Congress c/o Annie Lim | 2 |
| Sharon Ma. S. Esposo-Betan | 1 |
| Basilio Esteban D. Villaruz | 85 |
| | Foreign Journals |
| Jocelyn Guadalupe | 1 |
| Michelle Nicolasora | 3 |
| Andre Lorenz Feria | 1 |
| Anna Patricia R. Carranza | 1 |
| | Foreign Music Scores |
| Hector Martinez | 4 |
| SLIS Alumni | 11 |
| Cesar Martinez | Foreign Long Playing Records (36) |
| Andre Lorenz Feria | Flash Cards |



Ang Aklatan ng Musika ay tumanggap ng bagong publikasyon mula sa Pambansang Alagad sa Musika na si Dr. Ramon P. Santos na pinamagatang "Tunogtugan: Twenty Essays on Musical and Sonic Traditions." Inilunsad ang aklat sa Atencio-Libunao Hall, UP Diliman noong Setyembre 22, 2023. Kasama sa larawan ang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas na si Angelo A. Jimenez, Zosimo E. Lee, Verne C. De la Peña, Sheree Ann V. Laguatan, at Grace Ann F. Buenaventura.

## ALAM NIYO BA?

Noong 1901, walong taon pa lamang si Nicanor Abelardo, inihandog niya sa kanyang lola na si Macaria Libunao ang kanyang komposisyon na pinamagatang "Ang Unang Buko," isang balse. Si Macaria Libunao ay isa sa mga babaeng nagdala ng pagkain sa mga rebolusyonaryo sa Biyak-na-Bato, at tiyahin ni Simon Tecson na isang sundalo.

*Source: Manuel, E. Arsenio. Dictionary of Philippine Biography. Quezon City: Filipiniana Publications, c1955*

# KAARAWAN

Mga kaarawan ng mga kompositor na guro sa U.P. Kolehiyo ng Musika.

| | |
|---|---|
| **Bonifacio Abdon** † | May 14, 1876 |
| **Francisco Santiago** † | January 29, 1889 |
| **Nicanor S. Abelardo** † | February 7, 1893 |
| **Antonino R. Buenaventura** † | May 4, 1904 |
| **Lucio D. San Pedro** † | February 11, 1913 |
| **Eliseo M. Pajaro** † | March 21, 1915 |
| **Jose M. Maceda** † | January 31, 1917 |
| **Angel M. Peña** † | April 22, 1921 |
| **Elmo Q. Makil** † | April 17. 1937 |
| **Ramon P. Santos** | February 25, 1941 |
| **Ryan P. Cayabyab** | May 4, 1954 |
| **Joel P. Navarro** | January 24, 1955 |
| **Josefino J. Toledo** | March 6, 1959 |
| **Jonas U. Baes** | March 4, 1961 |

## UPCMu Multi-Media/Listening Room

Isang bahagi ng Seksiyon ng Silid-Aklatan ng Musika ang *Listening Room* kung saan ang mga fakulti, mag-aaral, at panauhin ng aklatan ay maaring humiling na magsagawa ng pakikinig sa mga nakarekord na koleksiyon ng piyesa, *phonorecords, cassette tapes, compact discs, digital video disks* na kanilang kailangan. Ito ay pinangangasiwaan ng bagong *Junior Library Aide* na si G. Jomar L. Haz. Siya ay itinalaga sa seksiyon para sa digitisasyon ng mga tugtugin at awitin na nasa *cassette tapes* tungo sa *compact discs*. Taglay ni G. Haz ang pagiging magalang, determinado, masipag at mabusisi sa kanyang trabaho na siyang malaking salik upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kaguruan, mag-aaral, at mga mananaliksik sa Kolehiyo.





# Temang Hiligaynon sa Balasahang Musika

## Donasyon sang Piyesa ni Abelardo

Sang Nobyembre 2022, si Dr. Clement B. Acevedo, fakulti sa *Department of Keyboard* sa UP Kolehiyo sang Musika naghatag sang donasyon sa Balasahan para sa koleksyon sang Filipiniana *sheet music*. Ang piyesa nga iya ginhatag ay may titulo nga "Sonata in C Major op. 3 no. 2" ni Nicanor Abelardo kung sa diin nakuha nya ang kopyang *facsimile* sa University of New Hampshire Special Collections.

Dako gid ang pagpasalamat sang Balasahan sa Musika sa inisyatibo ni Dr. Acevedo sang paghatag sang sini nga piyesa kay madamo gid nga mga studyante, fakulti, kag mga manunukib ang magabenepisyo kag magapulos sa sini nga kasangkapan. Sang pagkadto ni Dr. Acevedo (Pebrero 2023), upod niya ang iya abyan, kasimanwa, kag Capiznon nga si Bb. Cheryl Anne V. del Rosario, Presidente sang Western Visayas Association of Museums, Inc. (WVAMI) kag Direktor sang Ang Panublion Museum. Kuha sa litrato si Dr. Acevedo kag Bb. del Rosario.







Salin: **Donasyon ng Piyesa ni Abelardo**

*Noong Nobyembre taong 2022, Si Dr. Clement B. Acevedo, guro sa Departamento ng Tiklado sa UP Kolehiyo ng Musika ay nagbigay ng donasyon sa Aklatan para sa koleksiyon ng Filipiniana* sheet music. *Ang piyesa na ibinigay ay pinamagatang "Sonata in C Major op. 3 no. 2" ni Nicanor Abelardo kung saan ay nakuha niya ang kopyang* facsimile *sa University of New Hampshire Special Collections.*

*Lubos ang pasasalamat ng Aklatan sa Musika sa inisyatibo ni Dr. Acevedo ng ipagkaloob niya ang piyesa sapagkat maraming mga mag-aaral, kaguruan, kompositor ang makikinabang sa tugtuging ito. Sa pagpunta ni Dr. Acevedo sa Aklatan (Pebrero 2023), kasama niya ang kanyang kaibigan at kababayang Capiznon na si Bb. Cheryl Anne V. del Rosario, Presidente ng Western Visayas Association of Museums, Inc. (WVAMI) at Direktor ng Ang Panublion Museum.*

## Tampok na Kanta "Linog"

Ang Linog ay wikang Hiligaynon na ang kahulugan ay lindol. Ito ay isang awiting-bayan na matatagpuan sa aklat na pinamagatang "The Folk Songs" compiled and edited by Damiana L. Eugenio.




*Philippine Folk Literature Series Vol. VII. Manila: De La Salle University Press, Inc. c1997, pp. 42-44.*

GR 325 P49 1996 v.7

Sang ika-8 sang Hunyo 2023, ang Balasahan sang Musika nakiupod sa paghiwat sang *Earthquake Drill* sa UP Kolehiyo sang Musika para sa paghanda sang kaluwasan sa linog kag mga dapat pakatandaan kag himuon sa tion sang kalamidad.

*Noong ika-8 ng Hunyo 2023, ang Aklatang Musika ay nakiisa sa ginanap na* Earthquake Drill *sa UP Kolehiyo ng Musika bilang paghahanda para sa kaligtasan sa lindol at ang mga pag-iingat na dapat tandaan at isagawa sa oras ng kalamidad.*





# ESPASYO? Halina sa Aklatan!

## KAGANAPAN

Ang Aklatan ng Musika ay nagsilbing lugar para sa ensayo ng UPCMu Staff Shakers (Angklung) na itinatag ni Dr. Jocelyn T. Guadalupe noong 2019. Sila ay tumugtog sa Jazz Concert (2022), UPCMu College Week (2023), Bisita Musika (2023), at UP HRDO SIBOL (2024).

Ang U.P. Staff Shakers na binubuo ng mga kawani sa Kolehiyo ng Musika kasama ang mga *Library Staff* ay tumugtog sa "Pagtataas ng Watawat" na ginanap noong ika-anim ng Mayo 2024 sa Camerata Garden, Kolehiyo ng Musika. Tinugtog nila ang "Lupang Hinirang" at ang "U.P. Naming Mahal." Ito ay dinaluhan din ng ilang mga fakulti at mga mag-aaral kabilang ang presensiya ng kasalukuyang Dekana, Ma. Patricia B. Silvestre.









*mula sa pahina 6*

# ...ESPASYO? Halina sa Aklatan!

## KARANGALAN

Sa aklatan din ginanap ang "Kapanabay Awarding Ceremony." Nakatanggap ng Sertipiko ng Pagkilala sina Emmanuel Rullog, Annabelle Paduit, Onofre Hernandez, Hansel John Petillo, Elyrose Saban, Hubert B. Fucio, at Edmund B. Nerval. Nakamit naman ng tatlong *Library Staff* na sina Janet L. Parcon bilang "Maalalahanin," Andrew Louie B. Alveniz "Kawaning Kontraktuwal," at Sheree Ann V. Laguatan "Mapagkawanggawa" (2023). Iginawad ang mga parangal na ito bilang pagkilala sa kanilang natatanging serbisyo sa kolehiyo.



## LIBRARY STAFF



**Deil Martin Carandang**
Librarian



**Josephine Cecilia Baradas**
University Researcher / Archives



**Sheree Ann Laguatan**
Head Librarian



**Janet Parcon**
Administrative Aide



**Jomar Haz**
Junior Library Aide

## KAPULUNGAN

Naging espesyal din na lugar ang aklatan sa dami ng ginanap na mga opisyal na pagpupulong sa Kolehiyo kagaya ng College Executive Board (2022) hanggang sa kasalukuyan, Internal Academic Assessment and Development System (2022), UP Diliman "Search Committee for CMu Deanship" (2023), UPCMu Komite sa Wika (2023), UPCMu Program on Awards and Incentives for Service Excellence (PRAISE) Committee (2024), UPCMu Non-Teaching Personnel "Sisidlan ng Kaalaman" (2024), at UPCMu Pagtataas ng Watawat (2024).





***UP Kolehiyo ng Musika Komite sa Wika 2024***

Dr. Ma. Patricia B. Silvestre
Dr. Raul C. Navarro
Dr. Jose S. Buenconsejo
Dr. Nathan Neil V. Manimtim
Prop. Mary Katherine T. Cabral
Bb. Josephine Cecilia L. Baradas
Gng. Eva Garcia-Cadiz

*Disenyo: Samantha Viana*